# ANG PARTIDO

## LAYUNIN



1. Masapol ng bawat kasapi ng Partido ang pangkalahatang mga katangian ng Partido Komunista ng Pilipinas bilang isang Marxista-Leninista-Maoistang partido at maunawaan ang mga prinsipyo, tungkulin, organisasyon at kasaysayan nito.

2. Maunawaan ang pangunahing mga punto ng paglalagom at kilusang pagwawasto at mahigpit na hawakan at itaguyod ang saligang mga prinsipyo ng Partido at maging aktibong bahagi ng pagpuna at pagwasto sa mga pagkakamali.

# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Ipabahagi sa isa o dalawang mag-aaral kung ano ang naramdaman at nabuo sa isip nila nang sila'y sumumpa sa Partido.*

2. *Sariwain ang mapagpasyang papel ng rebolusyonaryong partido sa pagkatawan at pamumuno sa pakikibaka ng pinagsasamantalahan at inaapi.*

3. *Ilinaw na ang pagbubuo ng Partido ang isa sa di maihihiwalay na sangkap ng demokratikong rebolusyong bayan. Sariwain ang aral ng kasaysayan na kung ang proletaryado ay walang sariling partidong pampulitika, hindi kailanman makakasulong ang makauring pakikibaka nito sa wastong direksyon at hindi makakamit ang saligang pagbabago sa kanyang katayuang pinagsasamantalahan at inaapi.*

4. *Idiin na sa pamamagitan ng Partido napapangibabawan ang kakitiran at pag-uurong-sulong ng ispontanyong mga pakikibaka ng proletaryado at naitataas ang antas ng mga ito tungo sa mulat at militanteng pagtataguyod sa makauring interes ng proletaryado.*

5. *Ilahad ang balangkas ng paksa:*


   **I. Mga Saligang Katangian ng Marxista-Leninista-Maoistang partido**
   **II. Ang Partido Komunista ng Pilipinas**
   **III. Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas**
   **IV. Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto**

# KATAWAN NG TALAKAYAN

## I. MGA SALIGANG KATANGIAN NG MARXISTA-LENINISTA-MAOISTANG (MLM) PARTIDO

***Nota:*** *Sa pagtalakay ng* **Seksyon I** *ay tuwirang naipapakita na ang mga katangian ng PKP, kaya't magsisilbi na itong introduksyon at palaman sa* **Seksyon II.**

### 1. Ano ang Marxista-Leninista-Maoistang partido?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **a.** Ang MLM na partido ang partidong pampulitika ng proletaryado.<br><br>**b.** Ito ay nakabatay sa mga rebolusyonaryong prinsipyo na inilatag nina Marx at Engels at pinaunlad ni Lenin, Stalin, Mao at iba pang dakilang lider Komunista.<br><br>**k.** Ito ay may pangkalahatang tungkulin na pagkaisahin ang buong uring manggagawa sa ilalim ng isang komun na programang pampulitika na ang sentral na layunin ay ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika.<br><br>**d.** Ibinabatay ng Marxista-Leninista-Maoistang partido ang kanyang estratehiya at taktika sa bawat yugto ng rebolusyonaryong pakikibaka ng proletaryado sa :<br><br>- wastong pagsusuri sa antas ng pag-unlad ng lipunang kinapapalooban nito;<br>- wastong pagsusuri sa relasyon ng mga uri ng lipunang iyon nang sa gayon matukoy ang prinsipal na kaaway at makabig ang lahat ng posibleng alyado laban sa prinsipal na kaaway. | *Gamitin ang* **Biswal Partido -1**. *Itanong sa mag-aaral kung ano ang mga naririnig nila tungkol sa Partido noong hindi pa sila kasapi nito. Iwasto ang mga maling pag-unawa hinggil sa Partido, maliban kung natalakay na ang tungkol sa komunismo sa mga naunang paksa o sa pagbubukas ng talakayan.*<br><br><br>PARTIDO 1 - ANG PARTIDO ANG SULONG NA DESTAKAMENTO NG PROLETARYADO<br><br>*Ipabasa sa mag-aaral ang ikatlong parapo at linawin ang sentral na tungkulin ng Partido.* |

### 2. Bakit taliba o abanteng destakamento (detatsment) ng proletaryado ang Marxista-Leninista-Maoistang partido?

| | |
|---|---|
| **a.** Ang MLM partido ay ang pinunong pampulitika ng uring manggagawa at nasa unahan ng rebolusyonaryong kilusan.<br><br>**b**. Bilang taliba, ang partido ay binubuo ng mga pinakaabanteng elemento ng uring mangagawa. | *Magbigay ng halimbawa kung bakit ang PKP-MLM ang itinuturing na taliba ng uring manggagawang Pilipino.* |

**k**. Ito ay nasasandatahan ng rebolusyonaryong teorya – ang MLM–na pumapatnubay sa pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan.

**d.** Ang PKP-MLM ang taliba ng proletaryadong Pilipino.

## 3. Bakit pinakamataas na porma ng organisasyon ng proletaryado ang Marxista-Leninista-Maoistang partido?

**a.** Ang Partido ang pinakamataas na anyo ng organisasyon ng proletaryado at laging may mahigpit na ugnayan sa malawak na masa. Nasa katayuan ito upang itakda at ipatupad ang wastong linya at direksyon ng pagkilos na sumasaklaw at pumapatnubay sa iba pang mga organisasyon ng proletaryado at ng ibang uring pinagsasamantalahan at inaapi.

**b.** Naiiba ito sa ibang organisasyon ng manggagawa tulad ng unyon at kooperatiba dahil ito ay nasasandatahan ng rebolusyonaryong teorya, binubuo ng pinakaabanteng mga elemento ng proletaryado at namumuno't nasa unahan ng rebolusyon.

**k.** Sa pulitika, pinakamataas na anyo ito ng organisasyon ng pampulitikang pamumuno na sumasaklaw sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Sa ideolohiya, pinakamataas na anyo ito ng organisasyon na nasasandatahan ng rebolusyonaryong teorya, ang MLM at tagapamandila ng pinakamaunlad na pananaw ng rebolusyonaryong proletaryado.

Sa organisasyon, pinakamataas na anyo ito ng organisasyon na binubuo ng pinakamauunlad na manggagawa at iba pa mula sa mga uring anakpawis at api.

*Magbigay ng halimbawa kung paano ginagawa ng Partido ang mahigpit na pakikipag-ugnayan sa masa; na ang gawaing masa ang isa sa pinakamahalagang tungkulin ng Partido.*

*Tanungin ang mag-aaral kung bakit hindi maaaring ipantay ang Partido sa iba pang organisasyon ng manggagawa tulad ng unyon at kooperatiba.*

*Ipadama ang pangangailangang paramihin ang mga kasapi ng Partido.*

## 4. Bakit organisadong destakamento ng proletaryado ang Marxista-Leninista-Maoistang partido?

Ito ay isang sistema ng organisasyon na:

**a.** ang lahat ng kasapi ay natitipon sa iisang komun na destakamento at nabubuklod ng kaisahan sa kapasyahan at kaisahan sa pagkilos para sa pagsasakatuparan ng rebolusyonaryong mga layunin.

*Ipaliwanag ang* ***a,b,k.***

*Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pag-unawa nila sa disipliang pinaiiral ng Partido.*

**b**. may iisang sentrong namamahala sa mga gawain. May nakabababa at nakatataas na mga organo na gumagana ayon sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

**k.** may disiplinang mulat at kasintigas ng bakal na nagbubuklod sa lahat ng kasapi sa mga desisyong nabuo matapos ang masusing talakayan, mga tunggalian at punahan. Hindi nito kasundo ang pagkakaroon ng mga paksyon, na nangangahulugan ng pagkawasak sa pagkakaisa sa isip at gawa, ng paghina at pagkalansag ng disiplina.

## 5. Bakit ang Marxista-Leninista-Maoistang partido ang kumakatawan sa mahigpit na ugnayan ng proletaryado at ng iba pang uring pinagsasamantalahan at inaapi?

**a.** Hindi makakamit ng proletaryado ang sariling paglaya hangga't hindi napapalaya ang iba pang uring pinagsasamantalahan at inaapi. Sa gayon, kailangang pamunuan ng proletaryado ang pakikibaka sa paglaya ng iba pang uring pinagsasamantalahan at inaapi.

*Tanungin ang mga mag-aaral kung bakit hindi makakamit ng proletaryado ang paglaya hangga't hindi napapalaya ang iba pang uring pinagsasamantalahan.*

**b**. Sa Pilipinas, ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nagtataguyod sa pakikibaka ng malawak na sambayanang Pilipino laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na may sosyalistang perspektiba.

## 6. Bakit saligang prinsipyo ng Partido ang pagpuna sa sarili?

**a.** Ang pagpuna sa sarili ay tatak ng isang Partidong masigasig at tapat sa obligasyon nito sa sariling uri at sa masang anakpawis. Matapat nitong tinatanggap ang sariling pagkakamali, hinahanap ang mga dahilan ng mga ito, sinusuri ang mga kalagayang nagbubunga sa mga ito at masinop na tinatalakay ang mga pamamaraan sa pagwawasto.

*Ipaliwanag na ang IDKP, sa esensya ay kilusan para sa pag-aaral at pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Ihalimbawa ang pagpuna natin sa sarili sa harap ng masa hinggil sa mga pinsalang natamo nila dahil sa pagkakamali sa linya. Huwag masyadong palawigin ang punto tungkol sa IDKP dahil may susunod na mas malawig na pagtalakay dito.*

**b**. Sa pamamagitan lamang ng pagpuna sa sarili naiwawasto ng Partido ang mga pagkakamali nito, natitiyak ang pagtahak ng rebolusyon sa wastong landas, at naipagtatagumpay ang mithiin ng proletaryado at malawak na masa ng sambayanan.

# II. ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

## 1. Ano ang Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)?

**a.** Ang Partido Komunista ng Pilipinas na pinapatnubayan ng MLM ang partidong pampulitika ng proletaryong Pilipino. Kinakatawan at itinataguyod nito ang makauring interes ng proletaryong Pilipino at siyang abanteng destakamento nito. Pinamumunuan nito ang dalawang-yugtong rebolusyong Pilipino.

*Muling gamitin sa pagpapaliwanag ang "**Internationale.**" Ilahad na ay nalikha at unang inawit sa Komuna ng Paris noong 1871.*

**b.** Makasaysayang tungkulin nito, kasama ang iba pang Marxista-Leninistang partido sa buong daigdig, na pamunuan ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa sosyalismo at hawanin ang landas patungong komunismo.

*Idiin sa mag-aaral ang kahalagahan ng pakikiisa ng PKP-MLM sa isang pandaigdigang prente sa pakikibaka para sa sosyalistang rebolusyon.*

**k.** Ginagamit nito ang pagpuna at pagpuna-sa-sarili para magpalakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.


**d** Ang sagisag nito ay bandilang pula na may maso at karet na ginto o puti sa gitna. Ang maso ay kumakatawan sa uring manggagawa at ang karet ay kumakatawan sa uring magsasaka. Ang *Internationale* ang awit ng Partido.

*Ipakita ang watawat ng Partido. Itanong ang kahulugan ng sagisag ng Partido.*

## 2. Ano ang linya sa ideolohiya ng Partido Komunista ng Pilipinas?

**a.** Ang linya ng PKP sa ideolohiya ay ang Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ito ang pinakamakapangyarihang sandatang teoretikal ng proletaryado upang hindi lamang unawain ang daigdig kundi, higit sa lahat, baguhin ito.

*Gamitin ang **Biswal SPPPR-1** at ang **Apendiks Partido-1** sa paglilinaw ng tatlong yugto ng Marxismo. Mahusay kung ang apendiks na ito ay dati nang nakasabit sa gilid ng blakbord sa simula pa lamang ng paksa.*




SPPPR 1- TEORYANG GABAY:

b. Ang rebolusyonaryong teorya ng MLM ay mga karanasan ng proletaryado sa buong daigdig na nilagom upang patnubayan ang pagsulong ng pakikibaka ng proletaryado para sa sosyalismo at komunismo.

k. MLM ang mikroskopyo at teleskopyo ng rebolusyong Pilipino.

*Itanong kung bakit tinawag ang MLM na mikroskopyo at teleskopyo ng rebolusyong Pilipino. Ipaliwanag sa pamamagitan ng mga halimbawa.*

## 3. Ano ang pangkalahatang linya sa pulitika ng Partido Komunista ng Pilipinas?

a. Ang pangkalahatang linya sa pulitika ng Partido Komunista ng Pilipinas ay ang linya ng demokratikong rebolusyong bayan na may perspektibang sosyalista.

*Gamitin ang tanong-sagot bilang repaso sa linyang pampulitika sa paksang DRB. Sikaping mataya ang pagkaunawa ng mag-aaral sa mga batayang prinsipyong inilahad dito.*

b. Layunin ng pangkalahatang linya ng DRB na kumpletuhin ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

k. Sentral na tungkulin ng DRB ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka, at parlamentaryong pakikibaka bilang segundaryong anyo.

d. Salungat sa pangkalahatang linya ng DRB ang Kanan at "Kaliwang" oportunistang mga linya na ikinakalat ng mga rebisyunistang taksil.

*Magbigay ng mga halimbawa ng Kanan at "Kaliwang" oportunistang linya.*

## 4. Ano ang linya sa organisasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas?

a. Demokratikong sentralismo ang linya ng Partido sa pagbubuo sa organisasyon. Ito ang susing prinsipyo sa pag-oorganisa at pagpapaunlad ng rebolusyonaryong lakas at buhay ng Partido. Sa pamamagitan ng demokratikong sentralismo, natitiyak ang nagkakaisang kapasyahan at nagkakaisang pagkilos ng buong Partido.

*Ilagay sa tsart ang mga batayang kundisyon sa pagpapatupad ng demokratikong sentralismo. Gamitin sa pagtalakay.*

*Magbigay ng halimbawa ng mga suliraning ibinunga ng di wastong pagpapatupad ng prinsipyong ito tulad ng paghihiwalay ng demokrasya at sentralismo. Iangkop ang halimbawa sa karanasan ng mga mag-aaral.*

b. Nangangahulugan ito ng sentralisadong pamumunong nakabatay sa demokrasya at demokrasyang ginagabayan ng sentralisadong pamumuno. Ang esensya ng sentralismo ay ang pagtalima sa MLM at ang determinasyon na isulong ang bagong demokratikong

rebolusyon at pagkatapos ay ipatupad ang makasaysayang misyon ng uring manggagawa na itatag ang sosyalismo hanggang maabot ang ultimong layuning komunismo. Sa pamamagitan ng demokrasya sa loob ng Partido, ibinabahagi at tinitipon ang mga datos at palagay ng mga kadre at kasapi ng Partido sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na proseso ng diyalektikong interaksyon sa nakabababa at nakatataas na antas ng organisasyon ng Partido.

**k**. Kasuklam-suklam sa demokratikong sentralismo ang burukratismo at ultrademokrasya o liberalismo. Ang ayaw magwastong mga oportunista at taksil ay nagsagawa ng burukratismo at komandismo kapag sila ang siyang namumuno, at ultrademokrasya noong sila'y nakikipagtunggali sa mga nakatataas na organo.

***Nota:*** *Bago talakayin ang* ***Tanong 5****, ipaliwanag ang ugnayan ng mga* ***Tanong 2-4****. Ang linya sa ideolohiya ng Partido (MLM) ay nasa praktika ng wastong linyang pampulitika ng rebolusyong Pilipino (DRB). Mapagpasya ang papel ng pagtataguyod ng Partido sa wastong linyang pampulitika upang buuin ang lakas ng pagkakaisa sa pagitan ng Partido at ng malawak na masa sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Ang wastong pagpapatupad ng demokratikong sentralismo sa organisasyon ay susi sa pagbubuo ng tibay at lakas ng pagkakaisa at pagkilos ng buong Partido upang wastong makapamuno sa rebolusyong Pilipino sa gabay ng MLM.*

## 5. Ano ang kabuuang balangkas ng mga organisasyon ng Partido?

*Ilinaw ang pangkalahatang balangkas ng organisasyon ng Partido at ang mga namumunong organo nila sa bawat antas.Idrowing sa blakbord ang istruktura ng organisasyon ng Partido. Iugnay ang talakayan sa balangkas ng organisasyon ng yunit na kinabibilangan ng mag-aaral. Ilinaw na binubuo ang balangkas ng organisasyon ayon sa pag-unlad at paglawak ng organisasyon ng Partido sa bawat antas.*

## 6. Ano ang batayang yunit ng Partido at ang mga tungkulin nito?

**a.** Ang sangay ang batayang organisasyon ng Partido. Itinatayo ito saanman may 3 kasapi ng Partido na pwedeng sama-samang kumilos bilang isang kolektibo, alinsunod sa lugar ng paninirahan, trabaho, iba pa. Itinatatag ito sa mga pabrika, minahan, plantasyon, asyenda, baryo, paaralan, kalye, upisina at komunidad at sa bawat kumpanya o platun ng hukbong bayan.

**b.** Ang pinakapundamental na tungkulin ng sangay ay ang pagpapaunlad sa pinakamahigpit na ugnayan ng Partido at ng masa ng sambayanan.

*Gumawa ng tsart ng mga tungkulin ng sangay ng Partido at ipaliwanag ang bawat isa. Diinan ang tungkulin hinggil sa paglahok o pagtulong sa armadong pakikibaka. Kung may karanasan na sa pagkilos sa loob ng sangay ng Partido (SP) ang mga mag-aaral, maaaring iworkshop ang tanong: Ano ang mga tungkulin ng SP? Anu-ano ang karaniwang suliranin/ sagabal sa paggampan nito?*

## 7. Sinu-sino ang maaaring sumapi sa Partido?

**a.** Maaaring tanggaping kasapi sa Partido ang sinumang mamamayan o naninirahan sa Pilipinas na di bababa sa 18 taong gulang, nagtataguyod sa MLM, sa Programa't Konstitusyon ng Partido, at sumasang-ayong kumilos nang buong sigasig sa isang organisasyon ng Partido, tumupad sa mga desisyon ng Partido, at handang magbayad ng butaw sa pagpasok at ng regular na buwanang butaw.

**b.** Ang pagsapi sa Partido ay may bisa sa batayang indibidwal lamang at sumusunod sa paraan ayon sa kanyang uri.

*Kunin ang mga karanasan, aral at problema ng mag-aaral sa pagrerekluta ng mga kasapi sa Partido.*

*Pwedeng talakayin ang pagrekober sa mga naiwanang sangay.*

## 8. Ano ang sumpa ng bawat kasapi ng Partido?

Tungkulin ng bawat kasapi na isaulo, unawain at puspusang isapraktika ang kanyang sumpa sa Partido.

*Isulat sa tsart ang sumpa ng Partido. (Gamitin ang nasa Saligang Batas, 1968.) Gamitin ang basa-talakay sa bawat parirala ng sumpa.*

*Hilinging isaulo ng mag-aaral ang sumpa at sariwain ang pagsumpa pagkatapos ng kurso. Malaking tulong ang pagsasaulo ng sumpa sa pagsasapuso sa mga tungkulin at mabubuting katangian ng isang Komunista.*

## 9. Ano ang mga tungkulin ng mga kasapi ng Partido?

**a.** Ang mga tungkulin ng mga kasapi ng Partido ay mabubuod sa alintuntunin ni Kasamang Mao hinggil sa tatlong dapat gawin at tatlong di dapat gawin: **"Isapraktika ang Marxismo, hindi ang rebisyunismo; maging bukas at matapat, huwag magpakana, huwag mang-intriga; makipagkaisa, huwag manghati."**

*Ilagay sa tsart at isa-isang ipaliwanag ang mga tungkulin ng mga kasapi ng Partido.*

*Idiin ang kahalagahan ng mga ito sa pang-araw-araw na pagkilos sa pagsasakatuparan ng pananagutan sa pagbubuo ng Partido.*

## 10. Ano ang mga karapatan ng mga kasapi ng Partido?

**a.** Ang mga karapatan ng kasapi ng Partido ay may layuning bigyan ang bawa't isa ng pinakamahusay na kundisyon sa abot-kayang pagtupad sa kanyang mga tungkulin sa Partido at rebolusyon. Dapat itaguyod at igalang ng bawat isa ang mga karapatan ng iba pang mga kasapi.

**b.** Ang mga tungkulin at karapatan ng mga kandidatong kasapi ay pareho sa mga ganap na kasapi, maliban sa walang karapatang maghalal at mahalal, at walang boto sa pagdedesisyon sa loob ng Partido ang nauna.

*Ilagay sa tsart at isa-isang ipaliwanag ang mga karapatan ng bawat kasapi ng P. Hikayatin ang mga mag-aaral na magpahayag ng mga tanong. Sikaping masagot mula sa kongkretong praktika.*

**k.** Ang bawat kasapi ng Partido, anuman ang husay ng rekord o taas ng pusisyon, na di tumupad sa kanyang mga tungkulin o di gumagalang sa mga karapatan ng kanyang mga kasama ay pupunahin at pangangaralan. Ang malulubhang paglabag sa disiplina ay lalapatan ng angkop na parusa. Alinsunod sa bigat ng kasalanan, ipapataw ang alinman sa mga sumusunod: babala, mahigpit na babala, pagtanggal mula sa gawaing naunang itinakda, pagbibigay ng pagsubok na gawain, suspensyon, o pagtitiwalag mula sa Partido.

# III. ANG KASAYSAYAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS

## A. Ang Pagsilang ng Partido Komunista ng Pilipinas

**Nota:** *Ipaliwanag ang seksyong ito sa pamamagitan ng timeline ng Partido, magmula nang maitatag ito, hanggang sa kinailangang itatag muli.*

### 1. Paano nailuwal ang Partido Komunista ng Pilipinas?

**a.** Nailuwal ang Partido sa gitna ng mga pakikibaka ng uring manggagawa at sambayanang Pilipino laban sa kolonyalismong US at katutubong pyudalismo.

**b.** Noong pagbukas ng ika-20 siglo, nagsimula nang pumasok sa bansa ang ilang akdang sosyalista, kabilang ang mga sulatin nina Marx at Engels. Ang tagumpay ng Rebolusyong Oktubre noong 1917 sa Rusya ang nagbigay ng malaking inspirasyon sa proletaryong Pilipino. Noong mga taong 1920, ang militanteng kilusang manggagawa sa bansa ay nakaugnay sa mga kilusang manggagawa na naiimpluwensyahan ng mga Marxista-Leninista sa Asya at ibang bahagi ng daigdig.

Dinala sa Pilipinas ng mga lider-manggagawa pinamumunuan ni kasamang Crisanto Evangelista ang mga babasahing Marxismo-Leninismo. Noong Nobyembre 7, 1930, itinatag ang PKP sa Maynila.

*Gamitin ang* **Biswal Partido-2** *hanggang* **Partido-5**. *Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1-5** *kasabay ng paggamit ng* **Timeline Partido-1** *at* **2.**

### 2. Ano ang istorikong kabuluhan ng pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas?

Ang pagkakatatag ng Partido ay hudyat na ang proletaryong Pilipino ay sumulong na sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at nagsimula nang magbigay ng makauring pamumuno sa rebolusyong Pilipino.

*Paghambingin ang katangian ng pakikibaka ng masang Pilipino noong wala pa ang Partido at sa panahong nabuo na ang Partido, ang luma at bagong tipong DRB.*

### 3. Bakit agad na napilay ang bagong-tatag na Partido?

**a.** Ang bagong tatag na partido ay ibinase sa lunsod at namuno sa hayag na mga organisasyon at pakikibakang masa. Noong Mayo 1, 1931 dinakip at ibinilanggo ng reaksyunaryong awtoridad ang mga kadre at kasapi ng Partido.

**b.** Noong 1932, pormal na idineklara ng reaksyunaryong Korte Suprema na ilegal ang Partido at mga organisasyong masa nito. Nalumpo agad ang unang linya ng liderato dahil walang nakahandang pangalawang linya ng pamunuan.

## B. Ang Pagsasanib ng Partido Komunista at Partido Sosyalista, Pagpasok at Tuluy-tuloy na Pamiminsala ng Kontra-rebolusyonaryong Linyang Burges ng mga Lava at Taruc, at Pagkalusaw ng Partido

### 1. Paano nakapasok ang reaksyunaryong linyang burges ng mga Lava at Taruc sa Partido?

**a.** Nailatag ang kalagayan para sa pagpasok ng suhetibista at oportunistang linya ng mga Lava at Taruc nang magsanib ang Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista noong 1938. Nakapuslit si Luis Taruc, ang populistang lider ng Partido Sosyalista. Nakapasok din si Vicente Lava, ang kinatawan ng mga petiburgesya na sinanay sa ilalim ng impluwensya ng rebisyunistang lideratong Browder ng Partido Komunista-USA.

**b.** Ang kanang oportunistang linya ay nasalamin mismo sa saligang-batas ng pinagsanib na partido at sa patuloy na pagbigay-diin sa pakikibakang lunsod at parlamentaryo.

*Gamitin ang **Biswal Patido-3**. Talakayin ang pagsasanib ng PKP at PSP.*




PARTIDO - 3

## 2. Paano naminsala ang reaksyunaryong linyang burges sa Partido at rebolusyonaryong kilusan noong panahon ng pananakop ng imperyalismong Hapon?

**a.** Nagdulot ng malaking pinsala sa Partido ang kawalan ng kahandaan ng pamunuan nito nang salakayin ng pwersang Hapones ang Pilipinas. Inabutan at nadakip ng mga Hapones ang unang linya ng liderato ng Partido.

**b.** Sa kumperensya ng Kawanihan ng Gitnang Luzon noong Pebrero 6, 1942, naakyat sa sentral na pamunuan si Vicente Lava at pinagpasyahan ang pagbubuo ng isang hukbong gerilya. Noong Marso 29, 1942 nabuo ang Hukbalahap upang pangunahan ang armadong paglaban ng sambayanan sa mga mananalakay na Hapones.

**k.** Nagpatuloy sa pangkalahatan ang kanang oportunistang linya. Noong Marso 1943 – ipinatupad ng lideratong Vicente Lava ang patakarang "umurong upang magtanggol." Nagkamit ng limitadong tagumpay ang Partido at hukbong bayan dulot ng pagtakwil sa maling patakarang ito noong Setyembre 1943. Dito rin pinagpasyahan ang paghahanda sa pagbaling sa parlamentaryong pakikibaka pagbalik ng imperyalismong US at gubyernong Komonwelt batay sa baluktot na dahilang sawa na ang sambayanan sa digmaan.

## 3. Paano naminsala sa Partido at rebolusyonaryong kilusan ang reaksyunaryong linyang burges nang muling magbalik ang imperyalismong US sa Pilipinas?

Walang isinagawang hakbang ang Partido para sa puspusang pagsusuri at pagwawasto sa mga kamalian sa nakaraan. Lalong pinalala ang mga kamalian dahil sa aktibong pagtutulak ng kanang oportunistang linya ng sunud-sunod na naging pangkalahatang kalihim ng Partido. Bunga ito ng malaking kapabayaan sa ML edukasyon sa kasapian ng Partido.

*Gamitin ang lektura-talakay sa mga kamalian ng panahong ito, sa mga pinsalang idinulot nito sa rebolusyon, sa Partido, sa hukbong bayan at sa sambayanan.*


## 4. Paano naminsala ang "Kaliwang" oportunistang linya ni Jose Lava sa Partido at rebolusyonaryong kilusan?

**a.** Noong Mayo, 1948, sa pamumuno ni Jose Lava, bumaling ang Partido sa "Kaliwang" oportunistang linyang adbenturismong militar–ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika sa loob ng dalawang taon. Ngunit malakas na pailalim na agos ang Kanang oportunismo.

*Gamitin ang* ***Biswal Partido-5*** *sa pagtalakay sa mga kamalian sa panahong ito, sa mga pinsalang idinulot nito sa rebolusyon, sa Partido, sa hukbong bayan at sa sambayanan.*

**b.** Ang Partido ay nanatiling partidong lunsod sa ilalim ng pamunuang Jose Lava. Hinati sa dalawang bahagi ang Politburo – isang nakabase sa lunsod at isang nakabase sa kalibliban ng Sierra Madre sa dakong Laguna na kapwa hiwalay sa hukbong bayan.

**k.** Kanang oportunismo: Kapitulasyon– ang pagpahintulot kay Luis Taruc, ang punong kumander ng HMB na makipagkasundo sa gubyernong Quirino tungkol sa mga kondisyon ng pagsuko at amnestiya.




PARTIDO - 5

## 5. Paano nalusaw ang Partido at ang hukbong bayan sa ilalim ng lideratong Jesus Lava?

**a.** Ipinagpatuloy ng pumalit na lideratong Jesus Lava ang "Kaliwang" oportunistang linya ng kanyang kapatid na si Jose. Hindi naiharap, masusing nasuri at napuna ang adbenturistang mga kamalian ng lideratong Jose Lava.

**b.** Bunga ng hindi naiwastong mga kahinaan sa ideolohiya, pulitika at ng mga pinsalang naidulot ng adbenturismong militar ng lideratong Jose Lava, tumampok ang **kapitulasyunismo** sa hanay ng liderato ng Partido.

*Isuma ang kasaysayan ng lumang partido. Gamitin ang* ***Apendiks Partido-2.*** *Muling idiin na ang pangingibabaw ng reaksyunaryong linyang burges ay nasa antas ng pamunuan ng Partido. Ang kalakhan ng kasapian ng Partido, hukbong bayan at sambayanang Pilipino ay patuloy ang katapatan, kasigasigan at taimtim na nagnanais na puspusang labanan ang mga dayuhan at lokal na naghaharing uri.*

## 6. Ano ang mahahalagang aral na mahahalaw sa yugtong ito ng kasaysayan ng Partido?

Ang pangunahing mga aral sa ideolohiya, pulitika, militar at organisasyon mula sa kasaysayan ng lumang Partido ay magsilbing mga gabay ng Partido sa pagbubuo ng sarili at sa pamumuno sa rebolusyong Pilipino.

*Gamitin ang* ***Apendiks Partido-3****. Isulat sa tsart at ipaliwanag.*

*Bigyang diin ang kahalagahan/kabuluhan ngmahigpit na paghawak ng mga aral mula sa lumang pinagsanib na Partido.*

## K. Ang Muling Tatag na Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)

### 1. Ano ang kalagayang umiiral bago muling naitatag ang Partido mula sa abo ng rebisyunistang lumang Partidong pinagsanib?

**a.** Noong dekada ’50, wala nang makabuluhang rebolusyonaryong kilusang masa na humamon sa imperyalismong US at lokal na mga reaksyunaryo. Pero mula 1959 hanggang 1968, muling nag-alab ang kilusang anti-imperyalista at anti-pyudal. Itinuturing din ang panahong ito na paghahanda para sa pagbubuo ng isang bagong partido.

**b.** Naging napakatindi ang tunggalian ng dalawang linya sa pagitan ng mga proletaryong rebolusyonaryo at taksil na rebisyunista. Noong Abril 1967, umalis sa lumang Partidong pinagsanib ang mga proletaryong rebolusyonaryo, inilunsad ang UDKP at naghanda sa muling pagtatatag ng Partido.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1, 2, 3, 4****, at* ***5****. Gamitin ang* ***Biswal Partido-6*** *at* ***Timeline Partido-2****.*




PARTIDO - 6

*Ipaliwanag ang tunggalian ng dalawang linya sa pagitan ng mga proletaryong rebolusyunaryo at taksil na rebisyunistang Lava.*

### 2. Paano muling naitatag ang Partido Komunista ng Pilipinas sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo? Ano ang Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto (UDKP) at ang kabuluhan nito sa pagbubuo ng Partido Komunista ng Pilipinas?

**a.** Ang muling pagtatatag ng PKP ay kinatangian ng integrasyon ng unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa mga kongkretong kalagayan at kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino.

**b.** Sa loob ng mahigit isang taon bago ang muling pagtatatag ng Partido, isinagawa ang Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto alinsunod sa linyang Marxista-Leninista. Ang mga mayor na pagkakamali at kakulangan ng lumang Partido Komunista ay tinukoy, pinuna at itinakwil.

*Pagtabihin ang* ***Biswal Partido-6*** *at* ***7*** *at gamitin sa talakayan.*

*Ilinaw ang UDKP.*

**k.** Nagpatuloy ang UDKP hanggang 1972 nang matagumpay na nailatag ang Partido sa buong bansa, napaugat na ang BHB sa kanayunan, matatag na sumulong ang ligal na demokratikong kilusang ginagabayan na ng nailinaw na estratehiya at taktika ng DRB at nailatag ang mga saligang patakaran sa pagbubuo sa Partido, armadong pakikibaka at nagkakaisang prente.



PARTIDO - 7


## 3. Paano kumulatibong umunlad at sumulong nang hakbang-hakbang ang rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas mula 1968 hanggang 1979?

**a.** Naging mapagpasya ang wastong linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng Partido para kumulatibong umunlad at sumulong nang hakbang-hakbang ang rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng PKP.

**b.** Mula 1969 hanggang 1979, ang katangian ng mga pagkakamali ay ispontanyo at kalat-kalat.

*Gamitin ang **Biswal Partido-8** at **Apendiks Partido-3.***

*Talakayin ang mga hakbang at patakaran na ginawa ng bagong tatag na Partido para ipatupad ang wastong linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.*



PARTIDO - 8

## 4. Paano lumitaw ang oportunismong burges sa loob ng muling-tatag na Partido Komunista ng Pilipinas?

**a.** Sa isang partido komunista, palaging may batayan ang pag-usbong ng suhetibismo at oportunismo. Kaya, kahit sa pinakamahusay na tayo nito, palagiang umiiral ang tunggalian ng dalawang linya sa pagitan ng proletaryong rebolusyonaryo at mga elementong nagdadala ng burges na impluwensya sa loob ng Partido.

**b**. Noong 1978, may ilang indibidwal sa sentral na pamunuan at organong istap na sistematikong nagpalaganap ng eklektisismo sa ideolohiya at tumutol sa M-L na pagsusuri sa lipunang Pilipino.

**k.** Mula 1980, nagsimulang sistematikong maghasik ng linyang taliwas ang ilang mataas na opisyal ng Partido gaya nina Reyes, Tabara, Lagman, Kintanar, Rocamora.

*Gamitin ang **Biswal Partido-9** at **10** Ipabasa sa mag-aaral ang mga pagkakamali. Hikayatin silang magbigay ng kani-kanilang karanasan o nalalaman hinggil sa mga natukoy na pagkakamali, paglihis at pagkukulang. Magbigay din ng mga halimbawa na malapit sa antas ng mga mag-aaral.*



PARTIDO - 9



PARTIDO - 10

## 5. Paano nakapaminsala ang malulubhang paglihis sa wastong linya sa loob ng Partido at sa rebolusyonaryong kilusan?

**a**. Noong mga taong 1980-85, lumaki ang Partido at rebolusyonaryong kilusan nang walang kaparis sa nakaraan. Bunga ito ng paglala ng krisis ng naghaharing sistema mula 1979; may natipong lakas ang rebolusyonaryong pwersa at wastong linya sa paggawa ang itinaguyod ng mayorya ng mga kadre at mandirigma.

Ang paglaking ito ay sinabayan din ng paglakas ng "kaliwang" oportunistang linya (di napapanahong regularisasyon at insureksyunismong lunsod) at kalaunan ng Kanang oportunismo (paglikida sa pamumuno ng Partido sa loob ng nagkakaisang prente) at rebisyunismo (Gorbachovismo).

**b.** Ang mga malulubhang paglihis sa wastong linya sa loob ng Partido ay nagdulot ng di mapantayang pinsala sa Partido at iba pang rebolusyonaryong pwersa.

*Gamitin ang **Timeline Partido-2** na nagkukumpara sa inabot na lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa gabay ng Ang Mahigpit Nating Mga Tungkulin at sa inabot na pagbagsak ng rebolusyonaryong kilusan dulot ng pagtahak sa linyang SCO.*

## 6. Ano ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP)?

**a.** Ang IDKP ay ang pambansang saklaw na kilusang pagwawasto na inilunsad ng Partido noong 1992. Isang usaping buhay-at-kamatayan para sa Partido na muling pagtibayin ang mga batayang prinsipyo nito, panindigan ang wastong linya at punahin, itakwil at iwasto ang mga malaking paglihis at pagkakamali.

Pangunahin at sa esensya, ito ay isang pagpupunyaging pang-edukasyon, paglulunsad ng mga paglalagom at pagpupunahan sa iba't-ibang antas ng organisasyon ng Partido, pag-aaral sa tatlong antas na kurso ng Partido at pagtatakda ng wastong direksyon sa praktikal na mga gawain.

**b.** Sa pamamagitan ng IDKP muling pinagtibay ang mga saligang prinsipyo ng Partido.

*Gamitin ang **Biswal Partido-11.** Ilinaw ang esensya ng IDKP.*



PARTIDO - 11

## IV. ANG IKALAWANG DAKILANG KILUSANG PAGWAWASTO

### 1. Bakit kailangang muling pagtibayin ang ating mga saligang prinsipyo?

**a.** Anu-ano ang mga saligang prinsipyo ng ating Partido?

**b**. Baybayin ang paglitaw ng maling linya sa loob ng Partido mula noong huling bahagi ng dekadang sitenta at ang naging bunga nitong malulubhang pinsala. Kaalinsabay, ipakita kung paano natukoy, napuna at unti-unting naipihit sa matatag at tamang rebolusyonaryong landas ang Partido.

*Ilatag ang sampung saligang prinsipyo ng Partido. Ilinaw kung paano lumihis ang Partido sa mga ito mula huling bahagi ng dekada 1970 hanggang bago ilunsad ang IDKP, at kung paano inaatake ng mga kontrarebolusyonaryong taksil ang mga saligang prinsipyong ito (ilahad ang buod ng pusisyon ng mga kontrarebolusyonaryong taksil sa bawat punto).*

1. *Integrasyon ng unibersal na teorya ng MLM sa teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino*
2. *Pagbatikos at pagtakwil sa modernong rebisyunismo ng CPSU at ng mga Lava*
3. *Marxistang pagsusuri na mala-kolonyal at malapyudal ang katangian ng lipunang Pilipino*
4. *Pangkalahatang linyang bagong demokratikong rebolusyon*
5. *Talibang destakamento ng proletaryado at mamamayang Pilipino ang Partido Komunista ng Pilipinas*
6. *Linya, estratehiya at taktika ng matagalang digmang bayan; malaganap na pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa*
7. *Rebolusyonaryong linya sa uri sa nagkakaisang prente*
8. *Demokratikong sentralismo*
9. *Sosyalistang perspektiba ng pambansa-demokratikong rebolusyon*
10. *Proletaryong internasyunalismo*

### 2. Unawain ang sumusunod:

**a.** Ang pagbubuo ng Partido, una sa lahat, ay pagbubuo sa ideolohiya. Kung walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonaryong partido at rebolusyonaryong kilusan. Nabubuo ang solidong rebolusyonaryong lakas sa gabay at pundasyon ng wastong teorya.

*Kunin ang pananaw ng mag-aaral hinggil sa mga puntong binibigyang-diin sa bahaging ito, at kung ano ang kongkretong kahulugan nito sa kanilang pang-araw-araw na buhay at pagkilos.*

**b.** Mahalaga ang matatag na paghawak sa prinsipyo, mahigpit na kapit at walang paglihis sa pagtataguyod ng mga estratehikong tungkulin habang pleksible naman sa taktika.

**k.** Walang tigil ang gawaing pang-ideolohiya ng Partido. Kailangan ang paulit-ulit na paglilinaw ng ating paninindigan, pagpapatibay, pagpapayaman at pagapalalim sa pag-unawa at pagpapatupad ng mga saligang prinsipyo ng ating Partido.

**d.** Nararapat maging mulat sa pagpapanibagong-hubog habang binabago ang daigdig. Bilang produkto ng syentipikong pag-aaral at pakikibaka, taglay ng Partido ang wastong mga prinsipyo. Inilalapat ang mga prinsipyong ito sa realidad, at nagiging gabay sa pagpapanibagong-hubog ng mga kasapi nito. Sa proseso kailangan ang puspusan at tuluy-tuloy na pagbaka at pangingibabaw sa impluwensya ng ibang uri at mga reaksyunaryo. Sa gayon, natitiyak natin ang pagbubuo ng Partido na konsolidado sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

**e.** Kahit sa pinakamahusay na katayuan nito, sinasalamin ng Partido ang umiiral sa lipunang tunggalian ng uri, at ang batas ng di-pantay na pag-unlad. Sa proseso ng pagpapalalim sa pag-unawa, pagpapayaman at matatag na pagtataguyod sa mga rebolusyonaryong prinsipyo, umiiral ang tunggalian sa pagitan ng tama at mali, sa pagitan ng burges at proletaryong paninidigan, pananaw at pamamaraan.

**g.** Ang isang Partido na sa una ay may wastong mga prinsipyo ay pwede ring umatras at mabigo at mabulok tulad ng mga Lava, mga rebisyunistang rehimen sa Silangang Europa at Unyong Sobyet kung hindi magiging mapagmatyag at magsasagawa ng tuluy-tuloy at puspusang gawaing pang-ideolohiya.

**h.** Kung wala ang kasalukuyang ikalawang kilusang pagwawasto upang ilantad ang bangkaroteng linya ng adbenturismong militar, insureksyunismo, kapitulasyunismo, paksyunalismo, isplitismo, likidasyunismo, repormismo at parlamentarismo ng mga oportunistang taksil na pinamumunuan nina Reyes, Tabara, Kintanar at Lagman, hindi makaaahon ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa malalaking pinsala at malulubhang kahinaang ibinunsod ng mga nakaraang paglihis at pagkakamali.

## 3. Ano ang modernong rebisyunismo at paano ito lumitaw at umunlad?

**a.** Ang rebisyunismo ay ang sistematikong pagbabago at paglihis sa Marxismo, sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng proletaryado na inilatag nina Marx at Engels at higit pang pinaunlad ng sumunod na mga teorista at lider sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Itinuturing ng mga rebisyunista ang sarili bilang Marxista, at nagsasabi pa ngang ang ginagawa lang nila ay ang napapanahon at mapanlikhang paglalapat ng Marxismo, ngunit sa esensya'y matamis na balot lang nila ito sa burges na mga ideyang anti-proletaryo at anti-Marxista na kanilang ipinalalaganap.

**b**. Ang modernong rebisyunismo ay katulad din ng klasikal na rebisyunismo ngunit naiiba sa una dahil itinataguyod at isinasapraktika ng mga partido komunistang nasa kapangyarihan na kontrolado ng mga rebisyunista.

**k.** Ang makauring batayan ng modernong rebisyunismo ay ang burgesya sa loob ng partido komunista at ng sosyalistang estado. Umiral ito sa lipunang sosyalista kahit sa panahon nina Stalin at Mao. Ang bagong burgesya ay mahirap tukuyin at labanan. Subalit nagtagumpay si Mao na tukuyin at labanan ito.

**d**. Sa sandaling makapangibabaw ang mga rebisyunista laban sa mga proletaryong rebolusyonaryo at makapaghari, ipinapataw nila sa naghaharing partido, estado at mamamayan ang mga rebisyon sa linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

*Magbigay ng maiksing buod ng rebisyunistang linyang Khrushchov (tatlong mapayapa: mapayapang pakikipamuhay, mapayapang transisyon, mapayapang kompetisyon; at dalawang buo: partido ng lahat ng mamamayan at estado ng buong sambayanan) at kung paano nito ipinanumbalik ang kapitalismo sa Unyong Sobyet.*

*Magbigay ng maiksing larawan ng yugtong Brezhnev at Gorbachov ng panunumbalik ng kapitalismo sa Unyong Sobyet (halawin sa* ***Manindigan para sa Sosyalismo laban sa Modernong Rebisyunismo****).*

*Ilinaw na ang krisis at disintegrasyon ng Unyong Sobyet ay dahil sa modernong rebisyunismo – ang panunumbalik ng kapitalismo at ng makauring diktadura ng burgesya (halawin sa* ***Mga Tesis ng Partido Komunista ng Pilipinas para sa Kumperensyang Internasyunal ng mga Partido at Organisasyong Marxista-Leninista****).*

## 4. Ano ang teorya ni Mao ng nagpapatuloy na rebolusyon sa proletaryong diktadura?

**a.** Itinataguyod nito ang turo ni Lenin na ang sosyalismo at proletaryong diktadura ay iiral sa isang istorikal na panahon hanggang sa magapi ang imperyalismo sa buong daigdig at maging posible na ang komunismo.

**b.** Ang pangunahing kontradiksyon sa lipunang sosyalista ay sa pagitan ng proletaryado at ng burgesya. Ang bagong burgesya sa loob ng Partido, estado at lipunan ay isang seryosong problemang kakaharapin sa buong istorikong panahon ng sosyalismo. Tinutulungan ng internasyunal na burgesya ang bagong burgesya sa lipunang sosyalista.

*Palawigin ang bawat punto. Humalaw ng mga paliwanag mula sa IV, Ilang aral mula sa pagguho ng makabagong rebisyunismo sa Unyong Sobyet at Silangang Europa,* ***Manindigan para sa Sosyalismo laban sa Modernong Rebisyunismo.***

**k.** Dapat palayain ng sosyalistang relasyon sa produksyon ang mga pwersa sa produksyon (ang huli ay hindi nararapat magdikta ng pananatili o pag-atras sa relasyon sa produksyong umiral bago ang sosyalistang relasyon sa produksyon).

**d.** Ang superistruktura ay dapat marebolusyunisa at magpaunlad sa moda ng produksyon.

**e.** Ang mga kontradiksyon sa lipunan na malaon nang natukoy mula pa kina Marx hanggang Stalin ay dapat lutasin. Ang mga ito ay ang mga kontradiksyon sa pagitan ng kanayunan at kalunsuran, sa pagitan ng agrikultura at industriya at sa pagitan ng pisikal at mental na paggawa; sa pagitan ng mga labi ng maliitang produksyon ng kalakal at sosyalistang ekonomya; at sa pagitan ng sosyalistang rebolusyon at tulak ng mga dating gawi at kaugalian.

**g.** Sa paglutas sa lahat ng usapin, ang rebolusyonaryong pulitika ng proletaryado ang dapat nasa kumand at ang linyang masa ay dapat pagpursigihan. Pag-aralan ang linya at mga paraan sa larangan ng pulitika, ekonomya, kultura at relasyong internasyunal.

## 5. Ano ang katangian at mga kasamaang dulot ng paksyunalismo at ng todo-largang kampanyang anti-Partido na inilunsad ng mga kontrarebolusyonaryong taksil?

**a.** Unawain ang katangian at mga kasamaang dulot ng paksyunalismo at ng todo-largang kampanyang anti-Partido na inilunsad ng mga kontrarebolusyonaryong taksil.

**b.** Unawain ang mga lasong ikinalat ng mga kontrarebolusyonaryong taksil at ang mga sagot at paglilinaw na ginawa ng ating Partido.

*Ilinaw na ang katangian ng paksyunalismo at todo-largang kampanyang anti-Partido ay kontrarebolusyonaryo at kolaborasyunistang pagtatangkang wasakin ang Partido at rebolusyonaryong kilusan.*

*Magbigay ng buod ng mga lasong ikinalat ng mga kontrarebolusyonaryong taksil.*
*Sa ideolohiya:*

- *mga atake sa MLM at mga saligang prinsipyo ng Partido*
- *mga atake sa kilusang pagwawasto*
- *mga atake sa linyang anti-rebisyunista*
- *mga atake sa pagbubuo ng Partido bilang talibang pwersa ng proletaryado at mamamayan*

*Sa pulitika:*

- *mga atake sa pagsusuring malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino*
- *mga atake sa linya at estratehiya ng matagalang digmang bayan*
- *mga atake sa magkakaibang papel at wastong ugnayan ng Partido, NPA at NDF ayon sa rebolusyonaryong linyang makauri*
- *insureksyunismo, parlamentarismo, koalisyunismo, NGOismo, kolaboras-yunismo, kapitulasyunismo*

*Sa organisasyon*

- *atake sa demokratikong sentralismo*
- *buhaghag na pagpapalaki ng kasapian ng Partido na di nakabatay sa gawaing pang-ideolohiya at pampulitika*
- *maling dispusisyon ng mga kadre at kasapian*
- *burukratismo, ultra-demokrasya, liberalismo*
- *paksyunalismo, panghahati at isplitismo*

## 6. Ano ang mga pangunahing aral sa paglaban at pagbigo sa todo-largang kampanyang anti-Partido ng mga kontrarebolusyonaryong taksil?

Sapulin ang kahalagahan ng malinaw na pagguhit ng linya ng pagkakaiba sa pagitan ng tama at mali, matalas at walang pangingiming paglalantad sa mga kontra-rebolusyonaryong taksil, pagtatakwil sa sentrismo na isang tipo ng kanang oportunismo na pumapabor sa mga kontrarebolusyonaryong taksil at nagpapahina sa Partido.

*Ipakwento sa mag-aaral kung paano nilabanan at binigo ng mga kasama sa rehiyon at lokalidad ang kampanyang anti-Partido na inilunsad ng mga kontra-rebolusyonaryong taksil.*

*Isa-isang palawigin ang mga puntong nailahad:*

- *pagguhit ng linya ng pagkakaiba sa pagitan ng tama at mali*
- *paglalantad sa mga kontrarebo-lusyonaryong taksil*
- *pagtakwil sa sentrismo*

*Ilahad ang mga tungkulin ng IDKP:*

- *sa larangan ng ideolohiya*
- *sa larangan ng pulitika*
- *sa larangan ng organisasyon*
- *sa larangang internasyunal*

*Bigyang diin na kahit tapos na ang IDKP, kailangang balik-balikan at muling pag-aralan ang mga dokumento ng IDKP.*

# PAGSASARA NG TALKAYAN


1. *Ilahad muli ang balangkas ng paksa at ang pangunahing mga punto na nailinaw. Tanungin ang mga mag-aaral kung may puntong hindi pa malinaw.*

2. *Gumawa ng pagtaya kung nakamit ang itinakdang layunin ng pag-aaral.*

3. *Bilang pagtatapos, pinakamainam na maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang komitment saPartido at rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng pagbigkas ng isinaulong panunumpa sa Partido at pagkatapos, sa pag-awit ng* **"Internationale."**

## **TATLONG YUGTO** NG **PAG-UNLAD** NG **MLM**

### MARXISMO




**Marx** (1818 - 1883)

**Engels** (1820 – 1895)

Paglalatag ng Teoretikal na Pundasyon ng Marxismo:

- Materyalismong Diyalektiko
- Materyalismong Istoriko
- Ekonomyang Pampulitika (Kritika ng Kapitalismo)
- Syentipikong Sosyalismo

### LENINISMO



**Lenin** (1870 - 1924)

**Stalin** (1879 - 1953)

- Pakikitunggali sa mga Suheti-bistang Burges at Rebisyu-nistang Klasikal sa loob at labas ng Unyong Sobyet
- Kritika ng Imperyalismo
- Pagtatatag ng Diktadura ng Proletaryado, at
- Sosyalistang Rebolusyon at Konstruksyon

### MAOISMO



**Mao** (1893 - 1976)

- Teorya at Praktika ng Mata-galang Digmang Bayan
- Teorya ng Nagpapatuloy na Rebolusyon sa ilalim ng Diktadura ng Proletaryado para konsolidahin ang sosyalismo, labanan ang rebisyunismo at pigilin ang panunumbalik ng kapita-lismo.
- Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura (1966-1976)

**Manipesto ng Partido Komunista** — **1848**

**Dakilang Rebolusyong Oktubre** — **1917**

**Tagumpay ng Rebolusyong Tsino** — **1949**

Panahon ng
**Malayang Kumpetisyong Kapitalismo**

Panahon ng
**Modernong Imperyalismo** at **Proletaryong Rebolusyon**

## TIMELINE **PARTIDO** 1

## **KASAYSAYAN** NG **LUMANG PINAGSANIB** NA **PARTIDO**

**1930** — Pagsilang ng **Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)**

**Crisanto Evangelista**

**1938** — Pagsasanib ng **PKP** at **Paartido Sosyalista ng Pilipinas**



**1942-43 1945** — Pagbubuo ng **Hukbong Bayan Laban sa Hapon**

Reaksyunaryong Linyang Burgis ni **Vicente Lava**; "Umurong upang magtanggol"

Parlamentaryong pakikibaka; "Demokratikong pakikibaka"

**1948** — **Hukbong Mapagpalaya ng Bayan**

"Kaliwang: Oportunistang Linya ni **Jose Lava**

Madaliang tagumpay militar; Adbenturis-mong militar

**1951** — **Jesus Lava**

Pagsuko ni **Luis Taruc** at pagkadurog ng HMB

**1955-56** — Reaksyunaryong Linyang Burgis ni **Jesus Lava**; Parlamentaryong pakikibaka

**1958** — Puganteng-lunsod; Patakarang "Isang Pila"; "Political Transmis-sions"

**1964** — Kapitulasyunismo; Pagkalusaw ng Partido

**PANGUNAHING MGA PAGKAKAMALI**

| | 1942-45 | 1948-51 | 1955-58 |
|---|---|---|---|
| IDEOLOHIYA | Suhetibismo<br>**Empirisismo** | **Dogmatismo** | **Empirisismo** |
| PULITIKA | **Kanang Oportunismo:** Pagbitiw sa saligang rebolusyonaryong mga tungkulin, pagtahak sa linya ng pagsuko, kola-borasyon at panga-ngayupapa sa kaaway. | **"Kaliwang" Oportunismo:** Padalus-dalos na pagsuong sa mga aksyong lampas sa kakayahan ng rebolusyonaryong pwersa bunga ng makaisang-panig na labis na pag-tantya sa pwersa ng rebolusyon at labis na pagmamaliit sa kaaway, ng pagkainip at ng kapusukan.<br>**Kanang Oportunismo:** Pailalim na agos; pagsuko kay Quirino | **Kanang Oportunismo** |
| ORGANISASYON | **Liberalismo**, sektarismo, sentimentalismo at karerismo<br>**Komandismo** at **burukratismo** | | |

## ANG MGA **PANGUNAHING ARAL** NA **NAHALAW** SA **PINAGSANIB** NA **PARTIDO KOMUNISTA** AT **PARTIDO SOSYALISTA** NG PILIPINAS

| LARANGAN NG **IDEOLOHIYA** | LARANGAN NG **POLITIKA** | LARANGAN NG **MILITAR** | LARANGAN NG **ORGANISASYON** |
|---|---|---|---|
| **a.** Dapat buuin ang Partido batay sa mahigpit na pag-unawa sa MLM at kongkretong paglalapat nito sa rebolusyong Pilipino.<br><br>**b**. Mahigpit na bakahin ang anumang tipo ng suhetibismo sa loob ng Partido.<br><br>**k**. Dapat palaging lagumin ang mga karanasan at magsagawa ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili | **a**. Kailangang buuin ang pinaka-mahigpit na ugnayan sa pagitan ng Partido at ng malawak na masa batay sa wastong linya sa pulitika. Kailangang bakahin ang Kanan at "kaliwang" oportunismo sa loob ng Partido.<br><br>**b**. Magpunyagi sa armadong paki-kibaka bilang pangunahing anyo ng pakikibaka samantalang pinauunlad ang parlamentaryong pakikibaka bilang segundaryong anyo.<br><br>**k**. Ipatupad ang rebolusyong agraryo bilang pangunahing nilalaman ng DRB.<br><br>**d**. Buuin ang rebolusyonaryong nag-kakaisang prente na naglilingkod sa armadong pakikibaka at nakabatay sa alyansa ng uring manggagawa at magsasaka. | **a**. Mapagpasya ang pagbubuo ng isang hukbong bayan na nasa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido.<br><br>**b**. Ang wastong linya sa militar ay nakasalalay sa wastong linya sa ideolohiya at pulitika. Bakahin ang pananaw na lantay-militar.<br><br>**k**. Itaguyod ang matagalang digmang bayan at ang pagsusulong ng armadong pakikibaka kalakip ngpagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa.<br><br>**d**. Sa paglulunsad ng mga aksyong militar, isaalang-alang ang diya-lektikong ugnayan nito at ng ganting-salakay ng kaaway. | **a**. Dapat buuin ang isang partidong pambansa ang saklaw at may malawak na katangiang masa upang mabisang magampanan nito ang tungkulin ng pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan sa buong bayan.<br><br>**b**. Kailangang bakahin ang liberalismo, sektarismo, sentimentalismo at karerismo.<br><br>**k**. Itaguyod ang prinsipyo ng demok-ratikong sentralismo at bakahin ang komandismo at burukratismo. |

# TIMELINE **PARTIDO 2**
# MULING TATAG NA PARTIDO

## 1959

Paghahanda sa pagbubuo ng isang partido

**1961**: Demonstrasyong anti-CAFA ; ML na grupong pag-aaral; at muling paglakas ng anti-impe pakikibaka

**1963**: Partido ng Manggagawa at MASAKA

**1964**: Itinatag ang Kabataang Makabayan (KM)

Abril **1967**: Umalis sa lumang Partido ang mga proletaryong rebolusyonaryo at inilunsad ang **UDKP**

## 1968-1969

**1968:** Muling itinatag ang **PKP** (MLM)

**1969:** Binuo ang **Bagong Hukbong Bayan**

Kumulatibong umunlad at sumulong nang hakbang-hakbang ang rebolusyonaryong kilusang masa.

Ispontanyo at kalat-kalat na mga pagkakamali




Disyembre 26,1968, muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas sa patnubay Marxismo-Leninismo-Maoismo.

## 1979-1980

Paglitaw ng oportunismong burges sa loob ng Partido at pamiminsala ng malubhang paglihis sa wastong linya sa loob ng Partido at rebolusyonaryong kilusan

**"Kaliwang" oportunismo**: adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod

**Kanang oportunismo**: paglikida sa pamumuno ng Partido sa nagkakaisang prente; pagtagos sa loob ng Partido ng mga populista, liberal, sosyal-demokratiko at iba pang ideyang petiburges




Mga rebisyunistang taksil na nagpasimuno ng "Kaliwa" at kanang oportunismo sa loob ng Partido.

## 1991-1992

**Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP)**: Pinagtibay ang sampung saligang prinsipyo ng Partido

## 1998




Sa paglulunsad ng IDKP, muling pinagtibay ang saligang mga prinsipyo ng Partido.

## KUMULATIBONG PAG-UNLAD AT PAGSULONG NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN MULA 1968-1979

- Pagpapalaganap ng MLM sa pamamagitan ng 3-antas na kurso ng Partido. Kaalinsabay, nanawagan para sa masigla at malawakang pangkalahatang edukasyong masa tungkol sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

- Pagtatayo ng BHB bilang pangunahing organisasyon ng Partido na nasa absolutong pamumuno nito.

- Tuluy-tuloy na pamumuno at pagpapaunlad sa ligal na demokratikong kilusang masa na nakabase sa kalunsuran at pagkoordina nito sa rebolusyonaryong pakikibaka sa kanayunan. Sigwa ng Unang Kwarto 1970 nagpalitaw ng mga sulong na aktibistang masa na sa kalauna'y sumanib sa PKP at BHB.

- Pagtataguyod sa nagkakaisang prente, pangunahin para sa armadong pakikibaka, at pumapangalawa para sa ligal na pakikibaka.

- Pagbibigay-buhay sa isang pormal na organisasyon ng pambansang nagkakaisang prente at paghahapag ng 10-puntong programa ng NDF noong Abril 24, 1973.

- Nagtayo ang Partido ng isang malaking baseng masa na bumibilang na ng 50,000 katao sa Isabela at N. Viscaya, maliban pa sa Gitnang Luzon na naging pook-lunsaran ng pagsasanay ng mas marami pang kadre para sa pambansang pagpapalawak.

- Masusing tinalakay at binalak ng Komite Sentral ang pambansang pagpapalawak ng Partido at iba pang mga rebolusyonaryong pwersa sa 7 rehiyunal na organisasyon ng Partido: Hilagang Luzon, Gitnang LuzonL, Manila-Rizal, Timog Luzon, Kanlurang Kabisayaan, Silangang Kabisayaan at Mindanao.

- Binalangkas ng sentral na pamunuan ng Partido ang mahahalagang dokumento para sa pamamatnubay sa DRB: *Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Gabay Pang-organisasyon at Pag-uulat, Gabay para sa Pagtatayo ng Pamahalaang Bayan, Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa.*

- Pagdaluyong ng armadong pakikibaka at ligal na demokratikong kilusang masa habang naghahanda si Marcos para sa instalasyon ng kanyang diktadura..

- Lumaki ang kasapian ng Partido mula 2,000 noong 1972 hanggang 4,000 noong 1974. Sa buong bayan lumaki ang bilang at lakas ng mga larangan at sonang gerilya.

- 1974-75: Nakapaglunsad at nakapamuno ang Partido ng may ilandaang welga ng manggagawa sa buong bayan.

- 1975 : kasapian ng Partido – 5,000; BHB – 1,000 Pulang mandirigmang armado ng mga ripleng awtomatik at 1,000 na mas mahinang baril.

- 1976-77 : tuluy-tuloy ang paglaki sa bilang at lakas ng mga larangang gerilya at ng mga ligal na demokratikong pwersa sa mabilisan at kumulatibong paraan. Ang mga dokumentong *Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan* at *Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin* ay nakapagpalakas ng tiwala sa paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at pagbubuo ng Partido, hukbong bayan at baseng masa.